Katahimikan ang Kaulayaw ng Kamatayan

"Iluha mo ang sambuntong kasawiang nagtalakop, na sa iyo'y pampahirap, sa banyaga'y pampalusog: ang lahat mong kayamana'y kamal-kamal na naubos, ang lahat mong kalayaa'y sabay-sabay na natapos." May mga salitang natutong umiyak bago pa man natutong magsalita, mga salitang patuloy na humihinga sa loob ng mga sugat na hindi kailanman pinahintulutang magsara. Isinulat ni Amado V. Hernandez ang mga taludtod na ito noong dekada 1930, sa panahong ang bayan ay bagong gising mula sa kolonyalismo ngunit hindi pa ganap na nakatatayo sa sarili nitong mga paa. Sa kasalukuyan, ang kanyang tinig ay patuloy na umaalingawngaw sa isang lipunang ang yaman ay nauubos, ang alaala'y binubura, at ang dangal ay ipinagpapalit sa pansamantalang ginhawa. Hindi pa natutuyo ang luha ng bayan, sapagkat ang mga sugat nito'y patuloy na binubuklat ng katiwalian, sinasariwa ng kasinungalingan, at nilalapnos ng pagkakawatak-watak ng sambayanan.

Gayunpaman, ang panaghoy na isinalin ni Amado sa panitikan ay may mas malalim na ugat sa kasaysayan. Ang mga sugat na kanyang binigyang-tinig ay unang bumukal noong 1896, sa Rebolusyong Pilipino, isang sandaling ang sambayanan, matapos ang mahabang panahon ng pagdurusa sa ilalim ng pamumuno ng mga Kastila, ay tumindig upang bawiin ang lupaing kinamkam, dangal na pinagsamantalahan, at kalayaang ipinagkait sa pamamagitan ng sapilitang buwis at pang-aalipin. Sa pamumuno ni Andres Bonifacio, ang Kataastaasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan ay naging santuwaryo ng mga Pilipinong tumangging manatiling alipin sa sariling bayan. Ito ay hindi binuo upang maging isang lihim na samahan, bagkus ay *katipunan*, isang pagtitipon, hango sa salitang *tipon* kung saan pinagsama-sama ang lakas, pwersa at kaisipan ng mga mamamayang Pilipino. Isinaad ni

Joseph Lopez, guro ng kasaysayan, sa artikulong “Pagpapasan sa Naudlot na Rebolusyon ni Andres Bonifacio” (2024), na ang kilusang ito ay ang pinakaunang rebolusyon sa Asya na inilunsad noong ika-19 na siglo. Nagbunga ito ng magkakahiwalay na hinanakit at nagtagpo bilang kamalayang panlipunan; kung saan ang takot ay napalitan ng tapang at humantong sa kolektibong pagkilos ng mga kasapi ng Katipunan, mga lokal na lider, at sambayanang Pilipino, na nagplano at nagsagawa ng mga lihim na pagpupulong, armasang pagtatangka, at pagkilos laban sa kolonyal na pamahalaan. Ang pagiging unang rebolusyon sa Asya ay tahasang pagsalungat sa kolonyal na pananaw na ang mga mamamayang Asyano ay likas na sunud-sunuran at walang kakayahang maglunsad ng organisadong paglaban. Ipinakita ng Rebolusyong 1896 ang kakayahang magtipon ng masa, magbalangkas ng ideolohiya at magsakripisyo upang maasam ang kalayaan ng isang bansang inalipin. Mula noon, ang diwa ng pagiging mandirigma ay muling nabuhay at nanalaytay sa dugo ng mga Pilipino, isang likas na pagtangging manahimik sa harap ng katiwalian at paniniil sa paligid.

Sa *Kartilya ng Katipunan* ni Emilio Jacinto, hinubog ang kaluluwa ng rebolusyon: ang pag-ibig sa bayan ay hindi sigaw sa lansangan lamang, kundi disiplina ng kalooban, dalisay na adhikain, at pananagutan sa kapwa. *“Ang buhay ay nawawalan ng saysay kung hindi iniaalay sa isang dakila at banal na layunin.”* Ang moral na disiplina at dalisay na adhikain ay hindi lamang panloob na prinsipyo, dapat din itong isabuhay sa pamamagitan ng pagtindig at paglaban sa ngalan ng katarungan, kahit na ito pa’y nangangahulugan ng kamatayan. Sa ganitong diwa, malinaw na ang rebolusyon ay hindi simpleng pagbago sa pagkatao ng isang indibidwal, bagkus ay layunin nitong baguhin din ang kapangyarihang nililuklok at ang sistemang pumipigil sa kalayaan at karapatan ng sambayanan. Sa kabila nito, kailangang isaisip ng mga kabataan ang

sinabi ni Paulo Freire sa *Pedagogy of the Oppressed* na sa mga unang yugto ng pakikibaka laban sa paniniil, may panganib na dala ang mga aping nag-aasam ng kalayaan ngunit hindi naghahangad ng tunay na pagbabago, pagkat lilikha lamang ito ng susunod na mapaniil. Batay kay Freire, ang ganap na pagkatao—ang pagiging tunay na malaya—ay hindi agad nakakamit kung ang pusong naghahangad ng pagbabago ay hindi pa dalisay. Ang pakikibaka ay maaaring magbunga ng panibagong anyo ng pang-aapi kung ang adhikain ay kapangyarihan, at hindi katarungan. Makikita ang ganitong panganib sa kasalukuyang kalagayan, kung saan ang ilang sektor ay nagpoprotesta hindi bilang pagtutol sa mapaniil na sistema, ngunit bilang paraan upang mailuklok ang inaasam na pinuno. Sa ganitong uri ng paghahangad, ang konsepto ng pagbabago ay nauuwi sa isang ilusyon, sapagkat ang tunay na layunin ay nananatiling limitado sa pagpapalit ng naghaharing kapangyarihan sa halip na ang ganap na paglaya ng bayan. Dahil dito, higit na mahalagang usisain hindi lamang ang personalidad ng mauupo sa kapangyarihan, pati na rin ang likas na katangian ng pamumunong kanilang isinusulong at kung ito ay tunay na nakatutulong sa kapakanan ng sambayanan.

Makalipas ang halos isang siglo, muling nagbukas ang sugat ng bayan sa ilalim ng diktadura ni Ferdinand Marcos Sr.. Noong Setyembre 21 1972, idineklara ang *Martial Law* sa bisa ng *Proclamation No. 1081* na nagbigay kapangyarihan sa estado upang supilin ang karapatang sibil at kontrolin ang lipunan, kabilang ang malawakang pag-aresto at pagpapatahimik sa mga kalaban ng rehimen. Kabilang sa mga hakbang ni Ferdinand Marcos sa ilalim ng Batas Militar ay ang pagpapasara ng mga pribadong *media outlets* upang pahinain ang kalayaan sa pamamahayag at kontrolin ang daloy ng impormasyon; sa loob ng unang araw ng pagpapatupad ng batas militar, isinara ang 7 na mga istasyon ng telebisyon, 16 na mga

pambansang diyaryo, 11 na mga lingguhang magasin, 66 na mga community newspaper, at 292 na mga istasyon ng radyo sa buong bansa (National Historical Commission of the Philippines, 2017). Sa panahong ang takot ay ginawang batas at ang katahimikan ay itinuring na kaayusan, may isang tinig na tumangging patahimikin. Sa tulang *The Candle of My Life*, inilarawan ni Benigno "Ninoy" Aquino Jr. ang sarili bilang isang kandilang minsang nagliwanag sa panahon ng kadiliman. Batid niyang anumang oras ay mauubos ito subalit buhay sa kanya ang pag-asang may muling magsisindi ng alab na minsa'y nanaig. Kasabay ng kanyang pagpanaw, ang kandila ay hindi namatay at sa halip, nagningas ito sa milyon-milyong pusong tumangging makalimot, at nagbigay ng inspirasyon sa mga kabataang Pilipino na gamitin ang sariling liwanag upang mamulat at kumilos para sa tama, gamit ang edukasyon bilang gabay sa dilim ng lipunan.

Noong Pebrero 1986, ang liwanag na iyon ay nagtipon sa kalsada ng EDSA. Walang sigaw ng digmaan, walang putok ng baril, ngunit may matatag na paninindigan. Ang People Power Revolution ay hindi lamang pagbagsak ng isang diktador; ito ay kolektibong desisyon ng bayan na huwag maging kasangkapan ng kasakiman at katiwalian. Sa lansangan, nagtagpo ang bawat Pilipino, estudyante, manggagawa, pari, magkakaiba man sa uri, paniniwala, o pinagmulan. Doon pinatunayan na ang katatagang-loob at pagkilos para sa karapatan, kalayaan, at tunay na pagbabago ay hindi nasusukat sa kaibahan ng mga tao; minsan ito'y tahimik, marahan, ngunit matatag, tulad ng kandilang naiwan ni Ninoy, na patuloy na nagliliwanag sa gitna ng kadiliman at humahabi ng pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba. Sa pagtanaw sa Pilipinas sa darating na 2036, hindi na lantad ang tanikala. Magbabagong-anyo rin ang tanikala—nakangiti, mapang-aliw, bihasa sa sining ng panlilinlang. Sa mundong ginagalawan, mas mapanganib ang katahimikan kaysa pagkakamali; ang pagpayag ay mas nakamamatay kaysa paninindigan. Tulad ng babala ni Rizal sa *The Philippines a Century Hence*, umiiral ang paniniil

hangga't may mga taong pumapayag maging alipin, hindi sa puwersa ng dahas, ngunit sa puwersa ng nakalimot na isip at pusong walang tanikala. Dahil dito, kinakailangang maging mapagmatyag, matalino, at sisirin ang katotohanan sa pamamagitan ng edukasyon at malay-tao na pagsusuri, upang hindi malinlang at maging kasangkapan sa sariling paniniil. Kabilang sa mga temang binibigyang-diin sa ika-siyam na kabanata ng *Noli Me Tangere* ang babala ng pari na "darating ang araw at babagsak ang korporasyon dahil magigising ang bayan sa lahat ng kanilang kamalian," na nagpapakita ng mapanupil na impluwensya ng simbahan at estado sa lipunan, gayundin ng pangangailangang makita ng mga mamamayan ang kanilang sariling kalagayan at wakasan ang pasibong pagtanggap sa mga maling gawain at abusadong sistemang umiiral sa bayan.

Marahil ito ang dahilan kung bakit higit na kinatatakutan ang edukasyon, sapagkat sa sandaling maging mulat ang sambayanan sa mga ideolohiyang humuhubog at kumokontrol sa kanilang pag-iisip, nawawala ang puwang para sa paniniil, at nabubunyag ang mga lihim na dating itinatago sa likod ng pangalan, kapangyarihan, at partido. Ang hamon ngayon ay nasa kasalukuyang henerasyon na supilin ang sariling takot, at manindigan hindi para sa panibagong pinuno, kundi para sa panibagong kamalayan. Ipinahiwatig ito sa payo ni Don Rafael sa Kabanata 6 ng Noli Me Tangere kung saan kanyang ipinahayag na *"Kinakailangan mong tuklasin ang karunungan ng buhay na hindi kayang ibigay ng sariling bayan upang mapakinabangan ka nito sa ibang panahon."* Ang pahayag na ito ay hindi lamang panawagan sa pisikal na paglalakbay, kundi sa mas malalim na paghahanap ng kaalaman at paghubog ng kamalayang may kakayahang umunawa, sumuri, at magbalik ng liwanag sa lipunang minsang kumitid ang pananaw. Sa ganitong diwa, ang edukasyon ay hindi simpleng pagkatuto, ito'y isang anyo ng paggising—isang liwanag na unti-unting nagbubukas sa mata ng kabataan, nagbibigay

lakas sa kanilang tinig, at nagsisilbing sandata laban sa dilim ng panlilinlang. Maaaring hindi ito kasing kinang ng ginto sa unang tingin, ngunit ang kinabukasang hinuhubog nito ay higit na maliwanag kaysa sa anumang kumikinang ngunit hungkag.

Hindi madali ang maging Bonifacio sa mundong punô ng Aguinaldo, kung saan ang tapang at prinsipyo ay kadalasang itinuturing na sagabal, at ang tunay na katarungan ay nalulunod sa personal na ambisyon at pagtataksil. Hindi rin madali ang maging Antonio Luna sa panahong bawat hakbang para sa kabutihan ay maaaring sirain ng takot, kawalan ng suporta, at bulong ng kasinungalingan. Kahit pa na gayon, pinatunayan ng mga kabataan sa makasaysayang kilusan na sa kabila ng pagkakaiba sa pananaw pampolitika, pamilya, uri, at identidad, posible ang pagkakaisa at paninindigan kapag malinaw ang layunin at kapag ang boses ay nakaugat sa pananagutan, katotohanan, at paninindigan para sa tunay na pagbabago. Hindi ito perpekto. May pangarap na napuputol, may laban na natitinag, may takot na kinahaharap. Ngunit ito'y buhay, aktibong pinipiling tumindig sa kabila ng takot, magsalita sa kabila ng banta, at kumilos sa kabila ng kawalang-katiyakan. Ayon kay COMELEC Chairman George Garcia, namumukod-tangi ang boses ng mga kabataang Pilipino sa nakaraang Eleksyon 2025 na pinagtibay ng ulat mula sa Parish Pastoral Council for Responsible Voting (PPCRV) at National Citizens' Movement for Free Elections (NAMFREL) na ang tinaguriang *"youth vote"* na binubuo ng Millennials at Gen Zs ang nagsilbing *game changer* sa nagdaang eleksyon. Batay sa datos ni Dr. Philip Arnold Tuaño, Dean ng Ateneo School of Government, may humigit-kumulang 25.94 milyong Millennials (34.15%) at 21.87 milyong Gen Z (28.79%) ang bumoto noong Mayo 12, o kabuuang 47.81 milyong boto mula sa mga kabataang bumoboto. Sa kabila ng maling paniniwalang sila'y tahimik o abala lamang sa sariling mundo, buong-giting silang nakisangkot, nakibahagi, at tumindig para sa kinabukasan ng bansa; patunay na ang

kabataan ay hindi na nananatiling tahimik, sila’y aktibong humuhubog ng kasaysayan at naglalatag ng pundasyon para sa bayang kanilang pinapangarap.

Marami ang humihinga ngunit matagal nang patay, pinipiling manahimik sa harap ng mali, na ang liwanag ay naglalaho sa dilim ng kawalang-katiyakan. Ngunit ang bawat kabataang Pilipinong kumikilos, nagbubukas ng pintuan ng kaalaman, at tumitindig para sa tapat at totoo ay nagpapatunay na ang tinig at aksyon ay mananatiling buhay kapag ang katahimikan ay natatabunan, at ang kandila ay nagliliwanag nang higit sa nakaraan. Sa hinaharap ay taas-noong tayong sisigaw buong-giting sa liyab ng libong sulo at ang lumang tanikala’y lalagutin natin ng punglo. Ang bawat sulo ng kabataan ngayon ay nag-aalab, humahaplos sa dilim, at nagbubukas ng landas para sa pagbabago. Sa bawat pusong kumikilos, bawat tinig na tumitindig, pinatunayan na ang buhay ay hindi nasusukat sa katahimikan, kundi sa lakas ng tapang na pumili ng tama. Sapagkat ang pananahimik ay hindi kailanman naging neutral; sa harap ng kasaysayan, ito ay isang malinaw na pagpili. Ang pagpiling manahimik ay pinipiling mamatay nang dahan-dahan, kasama ang dugo’t tapang ng bawat Pilipinong lumaban.